慈濟快報
TZU CHI EXPRESS

Buddhist Tzu Chi Foundation, Philippines
76 Cordillera cor. Agno Sts., Brgy. Doña Josefa, QC
(632) 732-0001
Tzu Chi Great Love Campus
1000 Cordillera cor. Lubiran Sts., Bacood, Sta. Mesa, Mla.
(632) 714-1188; 714-2288
Jing Si Books & Café
Soler Tower, 1342 Soler St., Sta. Cruz, Mla.
(632) 733-3296
tzuchi_phils@ph.tzuchi.org
www.tzuchi.org.ph

Edisyon 40, Setyembre 2016 Libreng Ipinamamahagi

"Magturo ng tama, magmulat ng kabutihan, mag-atas ng katotohanan, at maggabay ng prinsipyo." -- Master Cheng Yen

Isang pag-ibig na nananatili sa kabila ng karamdaman

Sa panulat at kuhang larawan ni Bea Velasco

▲ Sa kabila ng karamdaman, ang pamilya nina Noreen at Reynaldo ay larawan ng isang matatag ng pagsasama. Si Noreen ay nakataray na sa kama simula nang magkaroon ng tumor sa ibaba ng gulugod noong Disyembre 2015. Sa kasalukuyan ay nilalabanan din niya ang stage 4 na breast cancer.

Sa isang isla sa gitna ng Laguna de Bay, may isang kuwento ng pag-ibig na nakahihigit pa sa kalungkutan, kabiguan, at maging kanser.

Pinangarap ni Noreen Balbuena na makapangibang-bansa upang matulungan ang mga kapatid at ang sarili niyang pamilya. Dahil siya lang ang nakatapos ng kolehiyo, pinapasan ni Noreen ang pagkatig sa pangangailangan ng pamilya. Ngunit dahil sa mga kamalian sa kanyang birth certificate, nagpasiya siyang magtrabaho na lang sa isang call center company upang suportahan ang pamilya.

Naging normal ang takbo ng buhay nila hanggang noong Setyembre 2015. Katatapos lamang ng kaniyang unang buwan sa trabaho nang makaranas si Noreen ng kahirapan sa paglalakad. Sa kalauna'y ay naging sanhi ito upang huminto siya sa pagta-trabaho.

"Nakaramdam ako ng matinding sakit sa likod. Namanhid ang mga paa ko at hindi ako makalakad ng mag-isa. Kaya tinawag ko ang asawa ko upang sunduin ako. Doon nagsimula ang lahat," salaysay ni Noreen.

Sumailalim sa MRI examination si Noreen noong Disyembre 2015 sa Manila East Medical Center. Doon ay nahanapan siya ng tumor sa ibabang bahagi ng kanyang gulugod. Pinayuhan siya ng mga doktor na sumailalim sa karagdagan pang mga eksaminasyon, ngunit dahil sa kakapusan sa pera, hindi ito natuloy. Lingid sa kaalaman nina Noreen at ng kinakasamang si Reynaldo Arambulo, Jr., ang tumor ay simula pa lamang ng mas malaking dagok sa kalusugan ni Noreen.

▲ Kinailangang sumakay ng pampasaherong bangka ang mga Tzu Chi volunteer mula sa Binangonan Municipal Fishport at bumyahe nang humigit-kumulang sa isa at kalahating oras upang marating ang bahay ni Noreen Balbuena sa Brgy. Janosa.

Pebrero 13, 2016 nang sumailalim sa core needle biopsy sa gulugod si Noreen. Doon nakita na mayroon din siyang stage-four breast cancer.

Sa gitna ng sunud-sunod na hamong dumating sa kanilang buhay, naging matatag ang pagsasama ni Noreen at Reynaldo. Upang maalagaan si Noreen, umalis sa trabaho bilang mananahi sa pagawaan ng damit si Reynaldo. Kinailangan rin nilang umuwi sa Binangonan, Rizal mula Maynila dahil hindi na nila kakayanin pa ang gastusin sa siyudad.

Kasama ang kanyang ina at anak na babae, si Reynaldo na ang nagtaguyod sa pamilya. Upang tustusan ang pangangailangan ng pamilya, doble kayod si Reynaldo sa pagtatrabaho. Nananahi siya sa kanilang bahay gamit ang hiniram na makina at nagbebenta rin ng turon at maruya. Ngunit, pagsama-samahin man ay kulang pa rin ito para sa chemotherapy at mga gamot ni Noreen.

"Masakit na makitang nahihirapan ang asawa ko dahil hindi ako sanay na makita siyang ganyan. Dati, malakas-lakas pa siya. Nang nagkasakit siya, kailangan kong gawin ang makakaya ko, kaya umalis ako sa trabaho ko at bumalik dito para alagaan siya," paluhang kwento ni Reynaldo.

Samantala, si Noreen ay patuloy na kumakapit sa pag-asang gagaling siya.

"Palaban ako," sabi ni Noreen. "Iniisip ko palagi na kailangang maging matatag ako para sa pamilya, at kailangang matatag din sila para

(Sundan sa pahina 2)

Isang pag-ibig na nananatili...

(Mula sa pahina 1)

sa akin. Naniniwala din ako na may mga taong patuloy na nagmamahal at sumusuporta sa akin."

Tulong na nakaangkla sa pag-ibig

Matapos na maantig sa kuwento ng mag-asawa, bumisita ang mga Tzu Chi volunteer sa kanilang tahanan noong ika-15 ng Hulyo. Mula sa Binangonan Municipal Fishport, tinawid ng mga volunteer ang Laguna de Bay upang marating ang Brgy. Janosa, kung saan naninirahan ang mag-asawa.

Matapos ang isa't kalahating oras na biyahe, natunton ng mga Tzu Chi volunteer ang Brgy. Janosa. Nakangiting sinalubong ng pamilya ang mga volunteer. Hindi rin nila napigilan ang kanilang mga luha habang ipinapamahagi ng mga volunteer ang dala nitong tulong mula sa Tzu Chi Foundation.

Kabilang sa mga dala ng volunteer ay 20 kilo ng bigas, mga groseri, adult diapers, at Php3,000 tulong pinansyal. Lahat ito ay malugod na tinanggap ng pamilya.

"Malaking tulong ito para sa amin," ani Reynaldo. "Ngayon na wala akong pirming trabaho, hindi kami palaging nakakabili ng sapat na pagkain. Makakatulong din ito sa pagbili ng gamot ni Noreen."

Upang ipakita ang pasasalamat sa mga volunteer, hirap man ay sinikap ni Noreen na ibuklat ang kanyang mga kamay upang yakapin sila. Dahil sa sakit niya, nakaratay na lamang si Noreen sa kanilang papag.

▲ Bukod sa mga materyal na tulong, dala rin ng mga Tzu Chi volunteer ang pagkalinga para kay Noreen Balbuena na ngayon ay nakaratay na lamang sa kama dahil sa sakit na breast cancer.

"Sana makaabot pa ang Tzu Chi Foundation sa mas maraming nangangailangan at makahikayat pa ng marami pang mga donor," sabi ni Noreen.

"Sa oras na lumakas ako muli, gusto kong magtrabaho at mag-volunteer para makatulong sa iba pang nangangailangan. Gusto kong maging bahagi ng pagtulong sa kapwa, lalo na sa oras ng kalamidad," pangako rin niya.

▲ Sa pagbisita ng mga Tzu Chi volunteer, isang kaibigang handang magbigay ng halaga at pagkalinga ang nakita ng breast cancer patient na si Noreen Balbuena.

Samantala, isang kakaibang karanasan ang mabisita ang pamilya nina Noreen at Reynaldo.

"Espesyal sa akin ang karanasang ito dahil unang beses kong sumakay ng bangka sa pagbisita ng tao. Masaya ako," sabi ni Mary Ann Bardaje, isang Tzu Chi volunteer mula sa Barangay Malanday sa Marikina.

Dagdag pa niya, tungkulin ng isang volunteer ang laging maging handa na tumulong sa mga nangangailangan gaano man kalayo o kahirap ang daang kailangang tahakin.

"Bilang mga volunteer, mapalad kami na makapagpamahagi ng pagmahahal sa ibang tao. Karangalan naming ipaabot sa kanila ang Dakilang Pag-ibig ng Tzu Chi upang maging inspirasyon sa kanila na maging magalang at mapagmahal sa mga taong kailangan din nito," sabi ni Bardaje.

Sa kaganapan ng pagbisita ng mga volunteer sa tahanan nina Noreen at Reynaldo, hindi naging mahalaga kung ilan na lamang ang nalalabing araw ni Noreen, o kung nasa sukdulan na siya ng kanyang karamdaman. Nagsilbi ang araw na iyon bilang pananda sa layo, lalim, at distansya na kayang suungin ng pag-ibig upang maabot nito ang mga nangangailangan; at patunay na may pag-ibig na kayang manatili at maging matatag sa harap ng ligaya, pagdurusa, at kahit pa ng kanser.

Dakilang pagmamahal para sa mga Maralitang Kapatid

Makikiisa sa aming pagsisikap na matulungan ang ating mga kapatid na nangangailangan sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang iyong kabutihang-loob ay makapagbabago sa buhay ng libo-libo nating kababayan, makapagbigay ng inspirasyon sa ibang tao, at makapagpapanumbalik ng normal na pamumuhay ng mga naaapektuhang pamayanan.

• Bukas-palad naming tinatanggap ang inyong donasyon na ilalaan sa mga misyon ng samahan. Makipag-ugnayan lamang sa 732-0001 local 211 o 223 o bumisita sa aming website sa www.tzuchi.org.ph

• Maaaring ideposito ang inyong mga donasyon sa **METROBANK, Del Monte Branch.** Account Name: Tzu Chi Foundation, Philippines. Account Number: 163-3-16307190-9

Mangyaring ipadala ang inyong deposit slip at tumawag sa tanggapan ng Tzu Chi. Ang bawat donasyon ay pagkakalooban ng resibo. Fax Number: 732-0001 local 213.

Like and Subscribe
to get more updates

tzuchi.org.ph TzuChiPH TzuChiPH